


# Ano ang COVID-19?



## Ano ang COVID-19?

Ang COVID-19 ay isang sakit na sanhi ng virus na SARS-CoV-2. Kumakalat ito sa pagitan ng mga tao pangunahin sa pamamagitan ng hangin. Maraming tao ang nagkakaroon ng mga banayad na sintomas o minsan walang mga sintomas, ngunit maaari ring magsanhi ang COVID-19 ng malubhang pagkakasakit at pagkamatay. Maaaring maikalat ng mga tao ang virus kahit na wala silang mga sintomas.

## Ano ang mga sintomas?

Ang mga sintomas ng COVID-19 ay kadalasang parang ikaw ay may sipon o trangkaso. Ang ilang tao na may COVID-19 ay hindi kailanman nakakaramdam ng pagkakasakit.

Kabilang sa mga karaniwang sintomas ay:

- Pagkawala ng panlasa o pang-amoy
- Ubo
- Hirap sa paghinga
- Lagnat o pagkaginaw
- Pagkapagod
- Sakit ng kalamnan o katawan
- Nananakit na lalamunan
- Baradong ilong o sipon
- Pagkahilo o pagsusuka
- Pagtatae



Ang COVID-19 ay maaari ring magsanhi ng iba pang mga sintomas.

## Mahabang COVID

Ang ilang mga tao ay nagdudusa mula sa mga bago o patuloy na mga sintomas nang ilang linggo o buwan pagkatapos na mahawahan ng COVID-19. Ito ay kilala bilang mahabang COVID o post-COVID. Maaaring kabilangan ito ng mga taong walang mga sintomas o may banayad na mga sintomas noong sila ay nahawahan.

Kasama sa mahabang COVID-19 ang malawak na mga sintomas kabilang ang pagkapagod, sakit ng ulo, pananakit sa kasu-kasuan o kalamnan, mga pagbabago sa kalooban (mood) o pagtulog, mga sintomas sa palahingahan at kahirapan na mag-isip.

## Sino ang nasa pinakamapanganib?

- Mga matatanda at bata na hindi pa ganap na nabakunahan ay ang nasa pinakamataas na panganib na magkaroon ng COVID-19.
- Mga hindi pa nabakunahang matatanda na mas may edad pa at may partikular na mga medikal na kondisyon ay nasa pinakamataas na panganib ng pagkakasakit at pagkamatay mula sa COVID-19.

